**NAETISL**
National Association of
Educational Translators and
Interpreters of Spoken Languages

**MODDC**
Missouri
Developmental
Disabilities Council

# Pag-unawa sa Proseso ng Referral at Pagiging Karapat-dapat: Isang Gabay sa Magulang

Funding for the Supporting Language Access in Schools Project in Missouri provided by the Missouri Developmental Disabilities Council, was supported by the Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) as part of a financial assistance award totaling $1,361,246 with 100 percent funding by ACL/HHS. The contents are those of the author(s) and do not necessarily represent the official views of, nor an endorsement, by ACL/HHS, or the U.S. Government.

# Pag-unawa sa Proseso ng Referral at Pagiging Karapat-dapat: Isang Gabay sa Magulang

## Paano nire-refer ang isang bata para sa mga espesyal na serbisyo sa edukasyon?

Maaaring magbigay ng referral sa paaralan sa pamamagitan ng:

- Isang magulang o tagapag-alaga
- Isang guro o ibang tauhan ng paaralan
- Isang doktor or propesyonal ng komunidad

Maaari kang humiling ng isang referral nang pasalita o sa sulat kung naniniwala kang maaaring may kapansanan ang iyong anak na nakakaapekto sa pag-aaral. Sisimulan nito ang proseso ng ebalwasyon.

## Ano ang mangyayari pagkatapos gumawa ng isang referral?

Kailangang tugunan kaagad ng paaralan ang referral. Isa sa dalawang bagay ang mangyayari:

- Hihingi ang paaralan ng pahintulot ng magulang upang gawan ng ebalwasyon ang iyong anak, o
- Magbibigay ang paaralan ng isang nakasulat na paliwanag kung bakit hindi ito gumagawa ng hakbang

The school has within 60 calendar days after receiving written consent to complete the evaluation and, if appropriate, hold a meeting to develop the Individualized Education Plan (IEP).

May hanggang 60 araw upang makumpleto ang ebalwasyon pagkatapos matanggap ang ebalwasyon at, kung naaangkop, magsagawa ng isang pagpupulong upang makabuo ng Plano ng Edukasyon para sa Indibidwal (IEP).

## Ano ang isang Ebalwasyon?

Ang isang komprehensibong ebalwasyon ay nagtitipon ng impormasyon tungkol sa kung paano natututo, kumikilos, at nakikipag-ugnayan ang iyong anak. Ang layunin nito ay ang maunawaan ang mga lakas at pangangailangan ng iyong anak sa iba't ibang larang. Maaaring kabilang dito ang:

A comprehensive evaluation gathers information about how your child learns, behaves, and interacts. The goal is to understand your child's strengths and needs across different areas. It may include:

- Mga pagsusuri sa akademiko
- Pagsubok na sikolohikal o ng mga pag-uugali
- Mga obserbasyon
- Input mula sa mga guro at magulang

Mga kwalipikadong propesyonal lamang, tulad ng isang sikolohista sa paaralan, patolohista ng pagsasalita at wika, o tagapagturo, ay pinapayagan na magsagawa ng mga ebalwasyon.

## Sa anong wika isasagawa ang pagsusuri?

- Kalingang gawin ang ebalwasyon sa (mga) wikang pinakamainam sa komunikasyon ng bata.
- Interviews with parents must also be conducted in the language(s) Kailangan ding isagawa sa (mga) wikang pinakamainam na sa komunikasyon ng mga magulang.

## Kailangan bang magbigay ng pahintulot ang mga magulang para sa ebalwasyon?

Oo. Kailangang may nakasulat na pahintulot mula sa isang magulang o tagapag-alaga bago simulan ang ebalwasyon. Hinihikayat ang mga magulang na magtanong at maunawaan kung ano ang kasama sa ebalwasyon.

## Anong mangyayari pagkatapos ng ebalwasyon?

Matapos makumpleto ang pagsusuri, tatawag ng isang pagpupulong upang talakayin ang mga resulta. Pagkatapos ay tutukuyin ng koponan kung ang bata ay may kapansanan o wala. Ang pagpupulong na ito ay tinatawag na isang pagpupulong sa pagiging karapat-dapat.

## Sino ang nagpapasiya kung karapat-dapat ang bata?

Kasama sa koponan ng pagiging karapat-dapat ang:

- (mga) Magulang o tagapag-alaga ng bata
- Pangkalahatan at mga espesyal na guro ng edukasyon
- Sikolohista ng paaralan o iba pang mga nagsusuri
- Isang administrator ng paaralan

Sinusuri ng koponan na ito ang lahat ng data at nagsasang-ayunan sila kung kwalipikado ang bata.

## Ano ang mangyayari kung ang bata ay napag-alamang karapat-dapat?

Ang paaralan ay dapat bumuo ng isang IEP. Binabalangkas ng IEP ang mga layunin, serbisyo, akomodasyon, at kung paano masusukat ang pag-unlad ng iyong anak.

**Paano kung ang bata ay hindi natagpuan na karapat-dapat?**
Ipapaliwanag ng koponan ang desisyon at ibibigay ito sa sulat. Karaniwang magmumungkahi ng iba pang mga paraan upang matulungan ang iyong anak bukod sa mga espesyal na serbisyo sa edukasyon.

**Ano ang mangyayari kung hindi sumasang-ayon ang isang magulang sa mga resulta ng isang ebalwasyon?**
Kung hindi ka sang-ayon, maaari kang:

- Humiling ng pagpupulong upang talakayin ang mga alalahanin
- Humingi ng isang independiyenteng ebalwasyon sa edukasyon
- Mag-file ng pormal na reklamo o humiling ng pamamagitan (mediation) o isang naaayong proseso ng pagdinig

**Paanong nakakasali ang mga magulang sa proseso?**
Ang mga magulang ay mahalagang katuwang sa buong proseso. Mayroon kang karapatan na:

- Maging maalam at magbigay ng input
- Magbigay o magkait ng pahintulot para sa mga ebalwasyon at serbisyo
- Humiling ng mga ebalwasyon o pagpupulong ng IEP
- Suriin ang mga rekord at magtanong sa anumang oras

**May mga tanong pa?**
Makipag-usap sa coordinator ng espesyal na edukasyon ng paaralan o sa prinsipal. Maaari ka ring makipag-ugnay sa Sentro ng Training at Impormasyon para sa mga Magulang (PTI) ng iyong estado para sa libreng suporta.

**Paano ako makakakuha ng tulong sa aking wika?**

Humiling ng mga serbisyo ng interpreter sa paaralan ng iyong anak o sa tanggapan ng distrito ng paaralan. Humiling ng isinalin na nakasulat na impormasyon kung kailangan. Ang impormasyong nagagamit ng lahat ng mga magulang sa distrito ng paaralan ay dapat nagagamit mo din.